



2021 Programang Tulong Para sa Depositong pang Seguridad ng County ng San Diego

Karaniwang Mga Tanong

1) Ano ang 2021 Programang Tulong Para sa Depositong pang Seguridad (Security Deposit Assistance Program o SDAP)?

Ang Programang Tulong Para sa Depositong pang Seguridad (Security Deposit Assistance Program o SDAP) ng County ng San Diego ay tumutulong sa mga karapat-dapat na mga residente ng County sa pagbayad ng depositong pang seguridad. Ang programa ay nagbibigay ng minsanang tulong sa mga nangungupahan na hindi kayang bayaran ang depositong pang seguridad sa pamamagitan ng programang voucher para sa depositong pang seguridad. Ang depositong pang seguridad ay hindi dapat lalampas sa dalawang buwan ng upa para sa maksimum na halagang \$7,000 na ipagkakaloob.

2) Paano ako magsusumite ng aplikasyon para sa SDAP?

Maaari kang magsumite ng aplikasyon sa [online](#). Kung wala kang akses sa internet at kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, tumawag sa (858) 694-4801 upang makakonekta sa isang ahente sa telepono na maaaring makatulong sa iyo.

3) Kailangan ko ba ng email address para magsumite ng aplikasyon? Paano kung wala akong email address?

Kailangan ang isang balidong email address para magsumite ng isang aplikasyon online. Kung wala ka nito, maaari kang lumikha ng isa para makumpleto ang iyong aplikasyon. Ang sumusunod ay mga makukuhanan ng libreng email address:

- Gmail
- Yahoo
- Microsoft Outlook

Kung wala kang email address, maaari kang makipag-ugnayan sa (858) 694-4801 para sa isang ahente ng telepono upang tulungan ka sa online na aplikasyon.

4) Ano ang dapat kong gawin kung nahihirapan akong mag-log-in o magsumite ng aplikasyon sa online?

Unang Hakbang: Lumikha ng akawnt

Pangalawang Hakbang: Kumpirmahin ang iyong rehistradong email address bago mag-log-in at kumpletuhin ang iyong aplikasyon. Mangyaring i-tsek ang iyong email at mag-klik sa link sa mensaheng email ng pagpaparehistro na natanggap mo upang kumpirmahin ang iyong nakarehistrong email address.

- Kung hindi mo mahanap ang mensaheng email ng pagpaparehistro na ipinadala sa iyo, mangyaring tingnan ang iyong "junk" o "spam" na folder. Kung hindi mo pa rin mahanap ang mensaheng email ng pagpaparehistro, i-klik ang link na "Resend Email Confirmation" na nasa log-in na pahina.

*Programang Tulong Para sa Depositong pang Seguridad ng County
San Diego*

Pangatlong Hakbang: Mag-log-in at kumpletuhin ang iyong online na aplikasyon.

- Kung matagumpay mong nakumpirma ang iyong email address, pero hindi ka pa rin mapag-log-in, piliin ang link na “Forgot your password?” (nakalimutan mo ba ang password mo?) sa pahina ng log-in. I-tsek ang iyong email at mag-klik sa link sa mensaheng email na ipinadala sa iyo para buksan ang webpage para makaliha ka ng bagong password mo para maka-log-in.

5) Kailangan ko bang magsumite ng mga suportang dokumento sabay sa aking aplikasyon?

Opsyonal ang pagsusumite ng mga beripikasyon sabay sa aplikasyon, gayunpaman lubos kang hinihikayat na magbigay ng mga dokumento sabay sa aplikasyon upang mapabilis ang pagpoproseso. Kapag napili ang isang aplikasyon para sa pagsusuri, ang kawani ng County ay hihingi ng mga beripikasyon.

6) Paano ako aabisuhan kung napili ako?

Lahat ng mga aplikante ay aabisuhan kung napili o hindi napipili sa pamamagitan ng email o sa koreo (kung hindi ibinigay ang email). Ang katayuan ng aplikasyon ay maaaring tingnan sa online sa anumang punto.

7) Magkano ang tulong sa upa ang maaari akong makwalipika?

Ang depositong pang seguridad ay hindi maaaring lumampas ng dalawang buwan ng upa para sa maksimum na halagang \$7,000.

8) Kailangan ko bang pumirma ng kontrata sa upa para makatanggap ng tulong?

Oo, ang haba ng panahon ng upa sa yunit ay hindi dapat mas mababa sa anim na buwan.

9) Maaari ba akong makwalipika sa emerhensiyang tulong sa upa kung ako ay tumatanggap ng isa pang uri ng subsidiya sa upa, tulad ng Seksyon 8, mabilisang tulong sa pabahay, o tulong sa upa mula sa mga ahensiyang pangkawanggawa?

Ang mga sambahayan na kasalukuyang tumatanggap ng subsidiya sa upa tulad ng Seksyon 8, mabilisang tulong sa pabahay, o tulong sa upa mula sa mga ahensiyang pangkawanggawa, ay maaaring magsumite ng aplikasyon. Kailangang patunayan ng sambahayan na ang tulong sa seguridad sa deposito na hinihiling ay hindi duplikado ng iba pang tulong sa depositong pang seguridad, kabilang ang pederal, estado, o lokal na tulong na ibinigay sa parehong halaga. Ang duplikasyon ng tulong ay napapailalim sa beripikasyon ng County.

10) Anong mga lugar ang sakop ng SDAP?

Ang mga indibidwal at mga pamilya ay pagsisilbihan ng County sa buong lawak ng County.

Lugar na Pagsisilbihan: Ang HCDS ay paglilingkuran ang mga indibidwal at pamilya sa mga siyudad ng Carlsbad, Chula Vista, Coronado, DelMar, El Cajon, Encinitas, Escondido, Imperial Beach, La Mesa, Lemon Grove, National City, Oceanside, Poway, San Diego, San Marcos, Santee, Solana Beach, Vista at mga hindi inkorporadong lugar ng San Diego.

11) Gaano katagal mayroon ako upang maghanap ng isang yunit?

Ang unang termino ng voucher ay hindi bababa ng 60-kalendaryong-araw. Ang voucher ay may bisa sa haba ng panahon na nakasaad sa voucher. Kailangang matanggap ng County ang nakumpletong Pakete ng Tulong sa Seguridad sa Deposito (Security Deposit Assistance Packet) bago ang ekspirasyon ng termino ng voucher.

12) Maaari ba akong humingi ng ekstensyon sa voucher?

Ang sambahayan ay maaaring humiling ng isang 30-kalendaryong-araw na ekstensyon kung wala pa silang nakikitang yunit. Kung ang isang ekstensyon ay ipagkaloob, hindi maaaring lumampas ng 90 araw ang voucher. Paglampas ng 90 araw, ang voucher ay mawawalan ng bisa. Nangangailang magsumite muli ng

aplikasyon ang sambahayan kung hindi nila nagamit ang voucher sa loob ng 90 araw.

13) Anong mga uri ng beripikasyon ang tatanggapin at dapat kong isumite sabay sa aking aplikasyon?

- Beripikasyon ng Identidad o Pagkakakilanlan
 - Ang sambahayan ay dapat magsumite ng kopya ng isang ID na inisyu ng gobyerno.
- Hurisdiksyon (Iberipika na ang yunit ay matatagpuan sa hurisdiksyon ng County)
 - Kontrata ng upa o iba pang uri ng kasunduan ng paupa Q
 - Listahan ng paupa na nakasaad ang address ng yunit
- Beripikasyon ng kita tulad ng “pay stubs” para sa lahat ng miyembro ng sambahayan na nagtatrabaho, beripikasyon ng kawalan ng trabaho, liham ng benepisyo mula sa CalWORKs, at iba pa, ay dapat nagsasaad ng petsa na hindi mas maaga sa isang buwan bago ang pagsumite ng aplikasyon. Mga liham ng benepisyo sa SSI/SSA na may petsang Enero 1, 2021, ay tatanggapin.

14) Kailangan bang sumang-ayon ang aking kasera at makibahagi sa programa para matanggap ko ang tulong?

Oo, kakailanganin ng iyong kasera na sumang-ayon na makibahagi sa programa para tumanggap ng tulong.

15) Kung napili akong tumanggap ng minsanang pagkakaloob na tulong, obligado ba akong bayaran ito?

Ang isang nangungupahan ay hindi obligadong bayaran ang subsidiya, ito ay isang “grant.”

16) Kailan ko maaasahang maproseso ang aking aplikasyon?

Ang panahon ng aplikasyon ay magiging bukas ng dalawang linggo at ang mga aplikasyon ay pipiliin batay sa isang alisagang loterya (random lottery). Kung pahihintulutan ng pagpopondo, susuriin ang mga karagdagang aplikasyon batay sa petsa at oras ng pagtanggap sa nasabing aplikasyon.

Kung napili ang iyong aplikasyon, aabisuhan ka ng isang kinatawan ng County na ang yong aplikasyon ay sinusuri. Maaari kaming humingi ng karagdagang mga beripikasyon at kapag nasumite ang mga ito ang aplikasyon ay susuriin. Ang proseso na ito ay maaaring tumagal ng isa hanggang dalawang linggo.

Kapag naaprubahan ang aplikasyon, ang isang voucher ng depositong pang seguridad ay i-isyu sa iyo.

17) Paano pinipili ang mga aplikasyon?

Ang panahon ng aplikasyon ay bubuksan ng dalawang linggo and at ang mga aplikasyon ay pipiliin ayon sa aligasang loterya (random lottery). Kung pahihintulutan ng pagpopondo, susuriin ang mga karagdagang aplikasyon batay sa petsa at oras ng pagtanggap sa aplikasyon.